



SPU Manila INTER-OFFICE BULLETIN

Vol. VIII No. 20

3 August 2015

SPECIAL FEATURE

Dahil Buwan ng Wika ang Agosto, minabuti naming ilathala ang artikulong ito sa Filipino.

Ang Kwento ng Tinapay at ang Hamon ng Taon ng mga Mahihirap
(Kwentong hango sa karanasan nina Cheene Villanueva [SPC Aspirant]
at Sr. Evangeline Anastacio, SPC)

*"Saang sulok ng langit ko matatagpuan kapalarang di natitikman
Sa pangarap lang namasdan
Isang lingon sa langit at isang ngiting wagas,
May talang kikislap, gabay patungo sa tamang landas.
Ilang sulok ng lupa, may kubling nalulumbay?
Mga sanay sa isang kahig, isang tukang pamumuhay.
Isang lingon sa langit nais magbagong buhay
Sa ating mga palad nakasalalay ang ating bukas..."*

Ang bahagi ng awiting ito na mula sa "Pangarap na Bituin" ay siya ring hikbi ng ating mga abang kapatid na ang tanging hangad lamang ay makaahon sa kahirapan. Dahil sa hirap ng buhay, marami sa ating mga kababayan ang nananahan na lamang sa gilid ng lansangan. Ito na ang nagsilbi nilang kanlungan sa init ng araw at lamig ng ulan. Pinandidirihan sila ng iba, kinukutya at kung minsa'y pinagkakamalan pang masasama.

Karamihan sa kanila ay napadpad lang dito sa Kamaynilaan upang makipagsapalaran sa buhay. Ang iba nama'y naging takbuhan na ito upang matakasan ang kalunus-lunos na nararanasan mula sa kanilang nakaraan. Sila ay may iba't ibang dahilan at samu't-saring kwento ng buhay na ang tanging tangan ay ang pag-asang matikman man lang ang kaunting ligayang inaasam-asam.

Ilan sa kanila ay aming nakilala dito lamang sa paligid ng ating paaralan. Marahil ay kabisado na nila ang ating mukha ngunit hindi man lang natin napapansin ang mga katulad nilang nasasabik sa kaunting tulong na ating maibibigay.

Napilay na Kapalaran

Sa aming pagtahak sa masalimuot na daan (Pedro Gil St.), aming namalas ang isang aleng nakasalampak sa gilid ng sidewalk na kung saan may maraming taong nagdaraan patungo sa iba't ibang direksyon. Nakasuot siya ng maluwag at gutay-gutay na damit na tila'y nabasa ng

pawis at ulan na natuyo din sa init ng araw. Nakakunot ang kanyang noo dala ng kumakalam na sikmura at bakas sa mga guhit sa kanyang mukha ang matinding hirap at gutom. Tumingala at aming namasid ang kanyang naninilaw na matang nagmamakaawa at humihingi ng kaunting habag. Nilapitan namin siya sabay abot ng isang supot ng tinapay kasabay ng aming matamis na pagbati. Sinamahan muna namin siya sandali sa ilalim ng matinding sikat ng araw upang kilalanin ang kanyang pagkatao.

Hindi na namin inda ang pagragasa ng mga sasakyan sa lansangan at ang mga usok at alikabok na dala nito nang aming napakinggan ang kwento ng kanyang nakaraan. Siya si Aling Malou, 48 taong gulang, tubong Imus, Cavite at ngayo'y naninirahan na lamang sa gilid ng lansangan. Tatlumpu't anim na taon na siyang palabuy-laboy dito sa Maynila matapos niyang lisanin ang kanilang tahanan nang siya ay dose anyos pa lamang bunsod ng pagmamalupit ng kanyang amang laging lango sa alak. Inakala niyang matatakasan na niya ang pait ng buhay at makakatagpo ng bagong pag-asa dito sa Maynila ngunit naging mailap sa kanya ang tadhana.

Nang siya ay naglalakad sa kahabaan ng Roxas Boulevard upang maghanap ng makakain at matitirahan, nahagip siya ng rumaragasang trak at mula noon ay hindi na siya nakalad ng maayos. Ito na marahil ang kumitil sa kanyang mga pangarap. Hindi na rin siya nakapag-asawa. Tanging ang mga kapwa niyang namamalimos ang nagsilbi niyang pamilya. Gustuhin man niyang bumalik sa bayang kinagisnan, hindi na niya ito magawa, pumanaw na ang kanyang mga magulang. Wala ni isang kamag-anak ang may gustong kumupkop sa kanya sapagkat wala na siyang kakayahang maghanap-buhay. Ang tanging dalangin na lamang niya ay ang paghinto ng kanyang hininga na siyang magiging simula ng kanyang kapayapaan, na ni minsan ay hindi man lang niya natikman.

Ang Padyak ni Juan

Sa pagdako naming ng Orosa, sumalubong sa amin ang mga magigiliw na mga lalaking tila takam na takam sa aming dala-dalang mga tinapay. Animo'y tumama sa lotto ang kanilang pagkagalak na makahingi ng mga mainit-init pang tinapay. Sapat na ito na pantawid gutom sa kabila ng matinding kapaguran. Sila ang mga kapatid natin sa kabilang kalye na kumakayod sa pagpepedicab upang may makain ang pamilya. Nakakalungkot mang malaman na ang ilan sa kanila ay mga menor de edad na ang dapat na inaatupag ay ang pag-aaral, ngunit mas pinili nilang maghanap-buhay upang mapunan ang matinding kawalan sa buhay. Mayroon iba pa sa kanila na hiwalay sa mga magulang at kung saan-saan na lamang nakikituloy.

May mga nakilala din kaming mga galing ng probinsiya katulad ng Cebu, Pangasinan, Samar, at iba pa na nabigong makatagpo ng maayos na hanap-buhay dito sa Kamaynilaan at bumagsak sa pagpapadyak. Dito na nila natagpuan ang napangasawa at dito na rin bumuo ng pamilya.

Nasaan si Menchie?

Sa kalagitnaan ng aming pakikipagkwentuhan sa mga pedicab drivers, isang kasamahan nila ang nagkusang humingi ng isa pang supot ng tinapay para sa babaeng nakaupo't

nakapangalumbaba sa isang sulok ng lansangan. Siya si Menchie, dalawampu't walong taong gulang, tubong Apalit, Pampanga. Siya ay may malalim na mga mata na tila'y nangungusap. Naaaninag na ang mga buto sa kanyang pisngi, nakatingin sa kawalan at waring nababalisa. Ayon sa kanyang mga kasamahan sa kalsada, ilang buwan na siyang nawawala. Mabuti at napadpad siya sa kanilang puder at nakatagpo ng mga katulad nilang handang kumupkop sa kanya. Nakatira sila sa gilid ng sidewalk na nasasilungan ng pinagtagpi-tagping yero at karton. Kakarampot man ang kinikita ng mga nagpapadyak, hindi ito naging sagabal upang matulungan si Menchie na makatagpo ng pansamantalang pamilya.

Ayon kay Menchie, naiwan siya ng jeep galing sa Pampanga at namalayan na lang ang kanyang sariling pagala-gala sa lansangan ng Malate, hanggang siya ay mapansin ng mga nagpapadyak. Hindi na niya alam kung paano makauwi. Nangingilid ang luha sa kanyang mga mata habang sinasariwa ang kanyang nakaraan. Bata pa lamang si Menchie ay ipinamigay na siya ng kanyang mga magulang sa isang mag-asawang hindi man lang niya kilala. Siya ngayon ay hiwalay na sa kanyang asawa at naiwan ang kanilang dalawang anak sa pangangalaga ng kanyang bayaw.

Napansin namin ang pag-iiba-iba ng kanyang mga kwento at napagtantong tila nalilihis na siya sa kanyang katinuan. Ayon din sa kanya, siya ay minsang nadulas at nabagok ang ulo. Ipinagbigay alam na ng mga pedicab driver ang kalagayan ni Menchie sa mga pulis. Walang sinumang nakakaalam pa sa ngayon ang totoong dahilan kung bakit napadpad si Menchie dito sa Kamaynilaan. Sa kabila ng kanyang pagkabalisa, tanging hangad niya ay makasama ang kanyang mga anak.

Silang mga Uhaw sa Panalangin

Muli naming tinahak ang lansangan upang mamigay ng mga tinapay sa mga lubos na nangangailangan. Sa aming paglalakad, nakaagaw sa aming paningin ang isang binatilyong nakasalampak at nasasandal sa pader ng ating paaralan, sa may gilid ng sidewalk habang pinagmamasdan ang pagdaan ng mga sasakyan. Tadtad ng mga sugat ang kanyang mga paa dulot marahil ng sakit sa balat. Maliban sa kanyang iniindang karamdaman, ang lalo pang nagpapahirap sa kanya ay ang nararanasan nitong cerebral palsy. Pautal-utal siya kung magsalita ngunit nakangiti siyang nagpasalamat sa handog naming kaunting tulong, sabay kaway ng kanyang nanginginig na kamay.

Nagpatuloy kami sa paglalakad sa kalye ng Malvar, at aming natagpuan ang isang mamang aliw na aliw na nakikipaglaro sa kanyang mga alagang aso't pusa sa tabi ng kalsada. May katandaan na din si manong na naninirahan sa kariton, na siya na ring naging katuwang sa buhay. Maaaring mapagkakamalan siyang namamalimos dahil sa kanyang maruming kasuotan ngunit mas pinili niyang magsariling sikap sa pamamagitan ng pangangalakal ng basura.

Habang kanyang nilalasp ang ibinigay naming tinapay, kanya namang ibinahagi ang kwento ng kanyang madilim na karanasan. Siya ay tubong Mindanao ngunit lumaki dito sa Maynila. Ginugol niya ang mahabang panahon sa likod ng mga rehas matapos niyang ipaghiganti ang kanyang yumaong ina sa kamay ng kanyang inaama. Dahas laban sa dahas. Pagkalabas niya

ng piitan ay hindi siya nabigyan ng pagkakataong makakita nang maayos na hanap-buhay. Ang kalsada na ang kanyang naging kanlungan matapos matupok ng apoy ang kanilang tinitirahang bahay. Wala na ding kamag-anak ang nagmamalasakit sa kanya dahil sa kanyang nagawang kasalanan. Ngunit ni minsan, hindi aniya sumagi sa kanyang isip ang magnakaw o magsamantala upang makaraos sa kahirapan. Kuntento na siya sa paghahanap ng swerte sa basura kaysa makagawa ulit ng isa pang kasalanan.

Nakilala din namin ang matandang kasama niya sa lansangan na nagsilbi na rin niyang pangalawang ina. Siya ay isang Cebuana. Katulad ng karamihan, nagbakasakali din siyang makatagpo ng inaasam na tagumpay dito sa Maynila ngunit kalauna'y nabigo lamang. Nakagawian na nilang maglinis sa lansangan upang makalikom ng mga ibebentang plastik, bote, at karton. Kung minsan, sila ay umaasa na lang sa mga tira-tirang pagkain na nakukuha nila sa mga basurahan. Sa kabila ng kakarampot na kita, masaya pa rin silang namumuhay kasama ang kanilang mga alagang hayop, at laging umaasa sa biyaya ng Diyos.

Sumagi ba sa inyong isipan na sa bawat kulog at kidlat dala ng malakas na ulan, hatid ay kabog sa dibdib ng mga abang nagkukumpulan sa masikip na masisilungan, samantalang tayo ay nahihimbing sa ating komportableng tahanan? Naiisip niyo ba na habang tayo ay nagpipista sa dami ng pagkain sa hapag-kainan, may mga taong tinitii at namimilipit sa sakit ng tiyan at nanginginig ang katawan dala ng matinding gutom? Masisisi mo ba sila sa naging kinahinatnan ng kanilang tadhana? Sino ang makapagsasabing hindi sila karapat-dapat makaranas ng kaginhawaan? May magagawa ba tayo upang sa huling sandali ay matikman naman nila ang tamis ng buhay? Ilan lamang sila sa mga marami pa nating kababayan na naghihikahos sa buhay. Nariyan lamang sila na malapit at umaasang may tutulong sa kanila.

Ang taong 2015 ay idineklara ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP) na "Year of the Poor." Ito ay isang pinagpalang taon upang kilalanin natin ang mga mahihirap bilang mga taong may dangal at dignidad. Ito ay pagkakataon nating lahat upang maipadama sa kanila na sila ay mga anak din ng Diyos na katulad natin.

Ang wika ni Fr. Catalino Arevalo, SJ, sa mensahe niya sa CEAP-NCR Regional Assembly (July 24, 2015), "Paano ka ba magbigay sa mga pulubi? Tumitingin ka ba sa kanilang mga mata? Hinahawakan mo man lang ba ang kanilang mga kamay?" Sa pamamagitan ng mga tanong na ito, doon natin naintindihan na hangga't hindi natin nakakadaupang-palad ang mga mahihirap, hindi natin masasabi na kinikilala natin na sila ay may dignidad din bilang mga tao. Tayo ay inaanyayahan na magmunimuni sa sinabi ni Fr. Arevalo, "Kilala niyo ba ang mga maliliit sa inyong paligid? Ang mga *janitor*, ang mga *gardener*? Masasabi mo bang kaibigan ka ng mga maralita? Ilan sa mga tinuturing mong kaibigan ang mahihirap? Pinagtutuunan mo ba ng pansin ang mga maliliit at mga dukha?" Para kay Pope Francis, isa sa tunay na kahulugan ng awa at habag (mercy and compassion) ay ang makadaupang-palad ang mga salat sa buhay; ang maki-isa sa pagtitiis sa mga aba at dukha.

Ito ay isang hamon sa ating lahat. Bilang mga madre, guro, kawani, o mag-aaral ng paaralang katoliko, paano tayo tutugon sa ganitong mga hamon? Ngayong "Taon ng mga Mahihirap," mamulat nawa tayo na magbahagi ng biyayang ating natatanggap sa mga kapatid nating humihikbi ng dalanging makaahon sa kahirapan. Tumitingin tayo sa kanilang

mga mata at hawakan ang kanilang mga kamay. Makadaupang-palad nawa natin sila bilang mga kaibigan. Higit sa lahat, maipadama sana natin ang ating kagkalinga at pagmamahal sa mga maralita at mga dukha tulad ng magmamahal at pagkalinga ng Diyos para sa kanila at sa ating lahat. Nawa’y magsilbi tayong asin sa mga nananamlay at maging ilaw sa madilim na kapaligiran ng mga uhaw sa tulong at panalangin.

*"Ito ay sapagkat nagutom ako at binigyan ninyo ako ng makakain.
Nauhaw ako at binigyan ninyo ako ng maiinom.
Ako ay naging taga-ibang bayan at ako ay inyong pinatuloy.
Ako ay naging hubad at dinamitan ninyo.
Nagkasakit ako at ako ay inyong dinalaw.
Nabilanggo ako at ako ay inyong pinuntahan."
(Mateo 25:35-36)*



Initiation officially tags freshmen as Paulinians

Contributed by Renz Arnie S. Rogayan

St. Paul University (SPU) Manila community welcomed the new Paulinians through the Freshmen Initiation held on 24 July 2015 in the Fleur-de-lis Theater.

With the theme "Go ASEAN Paulinians!" each program was tasked to showcase the culture of an assigned country which is a member of the Association of South-East Asian Nations (ASEAN). This year's theme is in line with the ASEAN integration. Colorful costumes and

exciting performances filled the FDL Theater. Aside from the performance, each program's muse and escort competed for the Best in Costume Award.

The Tourism Program kicked-off the competition representing Malaysia, followed by the combined team of the Accountancy and Financial Management Accounting and the Computer Science and Information Technology Programs representing Brunei. The Psychology Program showcased Cambodia, and Laos was represented by the Business Management and Entrepreneurship (BME) Program. Bachelor of Arts (AB) Programs in Communication, Advertising, English, Journalism, and the Teacher Education Program (TEP) went for Singapore, the Hotel and Restaurant Management students for Myanmar, and the College of Music and the Performing Arts and the College of Nursing and Allied Health Sciences for Indonesia.

Singapore, presented by the AB Programs and TEP, won the competition with the BME and BSP as runners-up. The muse of the Tourism Program and the escort of the CMPA bagged the Best in Costume Award. The event was hosted by Patrick Calderon and Agnes Gacula.

ALUMNAE VISIT NUNS IN VIGIL HOUSE

A group of alumnae, headed by High School 1962, visited the nuns in the Vigil House on 28 July 2015. This initiative is a regular activity of the HS 62 class. Birthday celebrants in the class send funds for the visit, which is also the celebration for the nuns who have birthdays during the month. The group brings diapers for all the Sisters, merienda, and birthday cakes for the celebrants.

In this visit, the alumnae presented a short program, including a sing-along of old songs with the nuns. Sr. Mary Angela and Sr. Miriam obliged with their own renditions.



The birthday celebrants... and some of the other nuns



**Sr. Miriam
and Sr. Mary Angela**



FROM THE CMPA



ALUMNI GATHERINGS

**High School 1982
Birthday of Rissa Gimenez
CDP Global Table.**

**with Princess Marlene Dauden,
Kakay Santos, Carol Salceda,
Apple Lazaro-Villadolid, Lili Anne Guzman,
Vicki Limchayseng-Pastoriza,
Judith Azarcon, Patricia Benitez-Villa,
Blanche Bolo, Ruzette Pineda-Cadungog, Pauline
Tolentino-Agoncillo and Ida F. Hontiveros**
"There's nothing to fear
when you grow older each year
when love, joy, and laughter are near."



After forty years...

**MOM, Tere Pugeda-Filipinia,
and Lahla Laforteza**

CONDOLENCES

The Paulinian Family condoles with the family
of Josephine Rivera-Hargrave (HS 1963),
who passed away last week.

